

2010 CPMA – Third Prize- Tula

Engkantado

Kung ano ang puno...

Bagras

Balukanag

Dapdap

Talisay

Kapok

Tindalo

Anagasi

Bayong

Taluto

Almon

Anubing

Kakawate

Apitong

Ligas

Bagras

SA TABI NG ILOG, isang bagras:

tinatastas

ang sarili

sa pagkakabuhol.

Isang balangaw

na walang hanggang nagpapalit

ng sarikulay.

Maharlikang hinahalinhan

ang maringal na kasuotan.

Hindi mo ito mamamalas

na bihis

ang kaparis na puntas.

Kusang humuhulagpos ang damit.

Ginugutay ang upak

upang matanghal

ang matingkad na luntian
na nangungutim
sa pagkamanibalang

hanggang sa matambad
ang mga retaso ng lila, kahel, at bughaw.

Maluwag sa loob na tinatanggap
ng ilog ang mga pilas nitong inaanod
bilang pagkain
ng kinakandiling mga lalang;

sinusupsop ang dagtang hilaw

na sangkap
ng mga likhang-goma.

SA TABI NG ILOG, isang lumad:

sinasalok ang tubig
sa magkasalikop na mga kamay.

Tinggayad na nababasag sa alimbukay

ang kanyang mukha.

Gumugulong papalayo

ang mga laylayan ng rabaw:

maninipis na alingawngaw sa salamin

ng sansinukob.

Mga busog itong umiilandang kasunod

ng mga pinawalang palaso

sa mausok na kalangitan

na hindi dagim kundi dapog

ng petrolyong nasusunog.

SA TABI NG ILOG, sumabay sa pag-awit ng aliw-iw

ang bagras – isang kumintang - sa saliw

ng kulintang, tagongko, at kapanirong;

sa sagalsal ng kutiyapi, dayuday, at daguyung.

Nagayuma ang lumad sa budyong. Nahiraya sa sanghaya.

Inapuhap ang kampilang nakasukbit sa baywang ng historiya.

MULI, naghunos ng damit ang bagras.

Naghunos nang naghunos.

Hinaplit ng siyam-siyam

ang matandang ilog

ngunit hindi natinag

ang lumad na nakakapit

ang titig at pananalig

sa liwanag

ng sahing ng bagras

na walang humpay sa pagdanak

mula pagsibol hanggang awanggan.

Balukanag

Isipin mo ang bartolina,
ang impiyerno ng karsel, ang pag-iisa.

Isipin mo ang isang piraso ng bakal,
walang patid na palutang-lutang

sa milya-milyang latag ng karagatan.
Mistulang walang katapusan.

Winawasiwas ng bawat araw, oras, at sandali
ang pananabik ng unang pagsampa sa barko.

Inuumay ng ilang dipang dampa ang panatang
mahagkan ang lupa ng mga dinadaungang bansa.

Pagpalaot, lantay na dilim ang inaabot
ng kakarampot na pukol ng paningin.

Sumisigid sa buto ang lamig ng hangin
at laging may banta ang dagim

ng paparating na unos: bwisitang
pumapanaog pagsarhan man ng pintuan.

Isipin mo ang bulwagan ng mga baliw.
Nakapaglakad ang mga apostoles sa tubig

habang kami ay pinuputakti ng mga hagalgal
na tumalon sa bangin ng pagkalunod.

Labas-masok ang mga ipis sa mga butas
ng bakal na nginangatngat ng kalawang.

Nanganganib ang barkong lumubog.
Nangangamba kaming magkaluslos.

Isipin mo ang pagkabagot at lumbay
na pilit naming pinapaslang

sa pagbabasa, pagtulog, pagsusulat
ng mga liham. Sa babae, bisyo, at alak.

Kinulimbat ng paglalayag ang sagalsal
ng aguhon sa aming dibdib.

Hindi mapapalis ng karaniwang sabon
ang alat ng hangin at tubig sa balat.

Kaya sumusuling kami sa balukanag
na humuhugas sa pagkakasala ng dagat.

Dapdap

Pumupusag-pusag ang mga dumalagang dahon
sa aking mga sanga na tila kawan ng mga salmon
at ako ay isang gasang sa bughaw na dalampasigan.

Maya-maya lang, magdiringas ang aking mga tangkay.
Maglilitawan ang mga mainiping palong ng katyaw.
Nakamasid sa kaligiran ang kanilang mga butong mata.

Panahon ito ng pamumukadkad ng mga iskarlatang
taluktok ng mga bulaklak na siyang aking korona:
ang kagampan ng pagpapala ng aking santuwaryo.

Aranya akong pinamamahayan ng mga *engkanto*,
mga makikisig na lalang na nag-iibis ng bangong
bumibighani sa mga mortal para sila silain.

Maging ng mga *kibaan* na may mga gintong ngipin
at maibigin sa mga punungkahoy na maningning;
pinagniningning ng laksa-laksang mga alitaptap.

Sa paglatag ng kapanglawan ng gabi, magliliwanag
ang aking mga sanga na tila ako ang nagpapaliyab
ng aking sarili para ipahayag ang aking kalooban.

Ipamamalas ko ang aking angking kapangyarihan.
Hindi nga ba't pinansusuob ako ng mga babaylan
sa kanilang mga ritwal? Ipinaiinom sa mga maysakit?

Nagsisilbing pangontra sa barang? At ang aking siit
na dinapuan ng alitaptap ay may birtud na pang-akit?
Hindi ba't ako rin ang kumukupkop sa mga patay?

Mula sa sidhi ng alab ang aking ilang na kalikasan
kaya't langkay ng apoy ang sa akin ay humahapay.
Tulad mong nakayapos sa banakal kong balisaksak.

Talisay

Matiim ang tindig ko mula sa sentro
ng inusbungan kong similya.

Mistulang labaha o espadang

iniluwa ng bibig ng lupa:

nakaumang ang tungki sa alangaang.

Palapit nang palapit ako sa langit.

Akala mo inaasinta ko ang lawas

para bulagin ang matang namumuo

sa saligutgot ng papawirin.

Ngunit hindi ito ang kaluwalhatian

para sa akin – akong nakatulos

na hindi nahuhutok ni humahapay.

Kundi ang marating ang saktong edad

na ako ay simulang banghayan ng mga sanga;

sibulan ng masigabong pilyego ng mga dahon.

Ang maging ganap na punungkahoy:

luntian at hitik sa bunga at bulaklak.

Kinawiwilihan ng mga paniki at bayakan.

Kung sakali mang isang peregrino
ang magpalagay na ako ay isang pagoda
dahil sa aking labay na mistulang sapote
ng mga payong na umiikit sa aking tarong,
mag-apuhap kung saan sa aking tahip
nakatabi ang mga labi ng mga banal,
mapararangya ko lang ang kolonya
ng mga hantik at kuwitib na namamahay
sa nahungkag na saray ng aking katawan.

Maging ang kampon ng mga aswang
na kumakanlong sa aking mga labay,
nananahan sa kaibuturan ng aking banakal,
ay lilisan din pagdating ng takdang araw.
Abangan ang pagpapalit ng aking damit
sa tagbisi: bagwisan akong pula, tanso, ginto.
Ang pagbitaw ng unang dahon sa aking tangkay.
Mapapanot ako pagdating ng Marso
at muli, isang tuod na nakalubog sa hukay.

Kapok

Alam kong hindi pa ito ang katapusan

ng lahat ngayong alam ko na

ang pangalan

ng punong iyon

na lagi kong nadaraan sa aking pag-uwi.

Ilang ulit ko ring pinagtangkaang

tukuyin

ang punong hugis kandelabra.

Saganang-sagana sa mga berdeng dahon

tulad ng mga katabing puno't

isang araw ay hinubad nang walang pasintabi,

tinubuan ng mga bungang

animo mga paniking natutulog.

Iisa lang ang kahulugan: kamatayan.

Huwag kamo itong hamakin.

Ito ang hudyat

ng muling pagkabuhay.

At ngayong alam ko na ang lahat,

mayroon na akong mahahalintulad

sa aking kasawian:

itong pinakatangi-tangi –

masidhi't nagpapasindak

tulad ng pagaspas

ng laksang uwak na biglaang

lumipad palayo sa kalasingan

ng papawiring

nag-aagaw-dilim.

Batay sa mga palatandaan,
sabi mo, iyon ay kapok.

Maraming ganoong tumutubo
sa inyong lugar. Mga butuhang kamay

sa sandali ng dali-daling
paglubog sa kumunoy o patibong,

inaabot-pilit
ang anumang abot-kamay.

Kung dumating man ang oras
na usisain mo kung bakit ko iniinda itong sakit
sa loob,

ipaaalala ko sa iyo ang talinghaga
ng kapok. Ganoon din ako kung malagasan.

Tindalo

Gumuhit ang alupihan sa langit
at inabot ang aking ulunan.
Parang bendisyon ng Panginoon
sa aking basyong katawan –
ako ngayon ang sisidlan ng relihiyong
nagpaluhod sa mga katutubo
na yumukod tulad ng kawayan.

Konsagrahin ang aking banal na tarik.
Akong krus ay kaha ring maytangan
ng matandang krus ni Magallanes
na itinarak sa dibdib ng Sugbu.
Sa loob ko, ang mga labi ng tablang
piningas-pingas ng mga turista at deboto
sa palagay na taglay nito ang talisman
ng saleng na nakalulunas sa mga sakit.

Maysa-bayabas ang aking mga dahong
nagtatangang manlanggas sa mga pilas
ng kasaysayan ng ilang siglong pananakop.

Pinapaypayan ang dapog ng alingasngas
na palsipikado ang tangan kong krus;
na winasak ng mga kampilan ang berdadero
nang si Magallanes ay kinuyog sa Mactan.

Langhapin ang samyo ng aking balat.
May suob itong insenso at kamanyang.
Hindi ba't tulad ako ng alangaang
na may pintang dugo sa huling alab ng araw
at unti-unting nilulukuban ng luksang kulay?
Tingnan mo, hinding-hindi ako nakukubkob
kahit ng sanlaksa mang hukbo ng anay.

Buksan mo itong kaloob-looban.
Antabayanan ang susungaw
sa aking balagat at tadyang.
Kung ito ay krus na tinilad-tilad
o kulumpon ng mga agiw.

Anagasi

Kung paanong maging saloy sa alimpuyo ng mga alon
umusbong ka sa dambuhalang libis ng kagubatan.

Isang bansot sa gitna ng mga punong matatayog.

Hindi malaman kung punongkahoy ka o palumpong.

Kaya hindi kita masisisi sa iyong kagaspangan.

Malimit mo itong gawing pansanggalang

tulad ng ibang mga lalang na ilahas sa ilang:

pinupulaan ng mga makahari sa kanilang kaibhan.

Kaparis ng buteteng laot na sa harap ng mga banta

lumilintog ang dibdib at nanunuwag ang mga tinik.

Maging ang lamanloob ay dinadaluyan ng lason –

higanting kamandag na maghahatid sa kamatayan.

Mistula namang pasmadong kamay ng piyon

ang mga gisok na gumagapang sa iyong mga dahon.

Papel de liha ang nasasalat sa ligaslas ng palad

kaya karaniwan kang ginagamit na pang-isis

sa puwit ng nanglilimahid na mga kaldero at kawali

o pakiling na pinupudpod sa mga sahig at dingding.

Kaya pang bakbakin maging tutong o tagulamin.

Doon siguro nanggaling ang ilan sa iyong bansag:

salagiso, balahibi, hinagasi, asis, isis ngipin.

Ipinuwesto ka ng mga Pariseo ng iyong larang

doon sa likod-bahay, sa ilalim ng lababo,

kapiling ng abo ng uling at bote ng muryatiko.

Anagasi, mainit sa iyo ang kanilang mga mata.

Walang habas silang magkanulo at magbinyag

at madalas kang ulaluin sa iyong tubo at tabas.

Sa kabila ng tatlumpu't anim mong palayaw,

iilan lang dito ang nagtatanghal ng iyong kapurihan.

Sa mga anas at ngawngaw sa sinasabing kapansanan,

alin dito ang alam nilang tunay mong katangian?

Hayaan mo silang malunod sa kuskos-balungos

habang ikaw ay ginaganyakan ng lila at bughaw

ng isang bungkos ng maririkit na mga paru-paro

na nahahalina sa pinong samyo ng iyong dagta

at tanging sa iyong mga sanga humahapon.

Bayong

Ilag sa akin ang mga magtotroso
na para bang kakambal ko ang sakuna.
Mahinang klase raw akong puno
gayong pagkatigas ng aking balat.
Hindi ako ang haligi ng tahanan
kundi ang mga baitang ng hagdan
na nakalalapas ng pang-iitak
kapag nag-amok ang lalaki ng kabahayan.
Bilang puno, tinatawag akong *toog*
ngunit nagiging isang *bayot*
kapag hinabi na ako at ginawang bayong.
Tumagos na sa akin ang tagulamin
ng pagiging maligalig at alanganin
kahit pa ako ay naghuhumindig
tulad ng isang batutang galit.
Umiikid naman ang aking mga dahon
na para bang bigkis na palamuti
sa katawan kong mala-rosas ang laman.
At daig pa ng aking mga bukadkad
ang sanggumay kung gumapang.

Kaya ilag sa akin ang mga lalaki
kapag napipilitan silang mamalengke.
Nawawala raw ang kanilang pagkasiga
at para bang may pasang kapansanan
kapag ako ay kanilang dala-dala.
Kaya ba ako ang ginamit na balatkayo
ng mga Makapiling angkan ni Hudas
dahil sa aking kahinaan ng loob?
Oo, ang maligalig, ang tiklop-tuhod,
ang bahag ang buntot
ay isa rin daw manggagantso!
Ay! Alalahanin ninyo ang mga tulad ko
na bumitbit hindi lang ng gulay at manok
kundi maging ng mga riple at rebolber
ng mga nuno ninyong Katipunero!

Taluto

Sa tayog, lumilitaw sa ibabaw ng ulop
ang iyong taluktok
tulad ng batok ng bundok.

Kung bulas ang pag-uusapan,
isa ka sa mga hari ng kagubatan.

Naaabot mo ang karurukan
ng pagkapuno ng puno; ang kasukdulan
ng pagsibol ng isang butil.

Kung hindi ka sana binibiyak
hanggang sa maging patpat

ang iyong dambuhalang pangangatawan
para maging mga mumunting kaha
ng posporo o kaing ng prutas at gulay.

Ganito ba tumimbang ng bigat
at gaan ang sangkatauhan?

Hindi ka isang Yggdrasil o akasya
o puno ng buhay sa mga mitolohiya.

Walang alindog tulad ng bonsai

na bansot. Samantalang halos maabot
ng iyong mga bisig ang langit.

Balang-araw, aawitan ka rin ng talindaw
bilang timbulan o palutang ng pamukot
ng mga mangingisdang pumapalaot.

Almón

Materyales fuertes ang mga casa at posadang
nagsiyabong sa lupain ng katimugang Amerika.
Makalaglag-matsing ang mga gusaling kolonyal;
nilapatan ng mabusising arkitekturang Georgian.
Animo kumpulan ng mga dalagang Victorian
sa isang maskarada ng mga mariwasa;
naghihintay ng eskorteng magsasayaw.
Nagpasadya pa ng bulla de polonesang
singkaw sa kanilang maringal na miriñaque
na tila pumapagaspas na buntot ng paboreal.

Madalas mapanganga ang mga turista
sa anyayang nakapaligid sa antigong nayon.
Nang-uumit ng titig sa mga lakambining
nakatindig sa kumakating mga burol.
Maselang sinisinsin ang mga partikular:
yari sa bato ang mga guirnardang tabiki;
yari sa kahoy ang mga ganyak at poste;
gayundin ang hanay ng mga entablamento
na kinulapol ng pinturang busilak sa pagkaputi

upang magningning kapag sinibat ng araw;
ang iba pa ay may tablillang pinadilaw.

Mestisahing almon ang siyang pundasyon
ng mga gusaling nagbata sa niyebe at unos.
Mga dumalagang supang ng ating kagubatan;
walang patid na pinupuslit mula sa sinibulan.
Tinalupan ng balakbak hanggang sa mabilad
sa merkado ng mga nauulol na komprador
ang mga kutis-rosas na trosong kalakal.
Pipiliin sa serie ang siyang pinakamainam,
tone-toneladang isasampa sa bapor,
at itatawid sa kakanlungan sa Kanluran.

Sa pier nakaabang ang mga dambuhalang trak
na kinumisyon ng mga tienda de madera.
Pinaaandar na ang mga makinang tagayari
ng madiwarang moblaje at instalacion fija.
Naghihintay na ang mga posada at casa
na sabik na sabik nang maganyakan.
Samantala, sa mga lupaing kinalakhan
nakahandusay ang mga pinagtabasang tuod.

Waring mga bangkay at kabaong na lulutang,
maaanod sa pagbaba ng baha mula sa bundok.

Anubing

Punong pagkatayug-tayog,
habang inaabot mo ang Diyos,
lalo pang naghuhugis-puso
halayhay ng iyong mga dahon.

Dahil sulit nang matatag,
pirmi kang nilalangkap
sa haligi ng mga kabahayan
at mga poste ng kablegrama.

Ang kurus na kambal
ng Alitagtag at Bauan
ay sa iisang kurus
na sa iyo tinapyas.

Sa pista ng panunubli,
magkabiyak na napirmi
sa kani-kaniyang dambana
ay mga timbulang uusad.

Tulad ng mga mangingibig
na binukod ng pananalig,
ang pares ay magtatagpo
sa rito ng salubungan.

Magdadait ang napawalay;
manunumbalik sa suyuan,
dahil mula sa iisang binhi
ang mga kinatam na salalak.

Anubing, isa kang munisilyo
at taglay mong misteryo
ang giya sa mga naliligaw;
ang karit ng paghuhugpong.

Kaming lahat na umalis,
kaming inilayo at pinaknit
ay huhugot ng pag-asa
sa inihasik mong mga binhi.

Ang imbay ng mga kamay
naming debotong nagkawan

sa igkas ng iyong mga bisig
ay mga pusong umaalagwa.

Kakawate

Binigyan ako ng ranggong madre de kakaw
dahil ipinapataw sa aking mga kamay
ang pagkalinga sa kakaw tulad ng isang ina
na nagpapasuso ng bagong silang na sanggol.

Para nga akong nag-iiwi ng inakay
na hindi ko naman talaga iniluwal.

Nagsisimpan tulad ng sisiwa o mamay.

Bakit hindi na lang ako tawaging madrasta
o kaya naman ay paupahang yaya?

Inaangkin ko ang katungkulan ng pag-aaruga
sa kakaw hanggang sa ito ay mamunga
ng mga mutyang buto na siyang pulutan
diumano ng mga diyoses sa kalangitan.

Pinaka-iingat-ingatan ko itong halimhiman
(tulad ng paghalimhim sa mga gusano de seda
habang nahihimbing sa loob ng krisalida)
dahil sa grasya nitong tsokolate at kokwa
bukod sa naging el medio de cambio
sa loob at labas ng talipapa at kastilyo
noong bago pa ang panahon ni Mahoma.

Sapul sa pagtubo ng tahip ng kakaw
ako na ang kanyang matapat na katuwang.
Sa ere ako nakabayubay habang hinihintay
ang paglago ng kanyang mga dahon;
habang matama kong pinagmamasdan
ang pagsasa-ginto ng kanyang bukol.
Sinosombrahan ko siya ng aking mga sanga;
nagsisilbing tarapal na kanyang pananggalang
sa nakaluluoy na mga kurot ng sikat ng araw;
isang luntiang pantalya ng lampara
kung mahinog na siyang parang bumbilya.
Ako ang dakilang alalay
ng punong laki sa layaw.
Niyayapos ko siya ng buong pagmamahal.
Walang kapalit ni kabayaran
sa aking abang paninilbihan.
Marahil nasasagap ng mga bubuyog
ang tamis ng aking pag-irog
kaya sila nabibighani sa balani
ng aking mahalimuyak na mga bulaklak.
Ibinilang pa ako sa mga sangkap
sa paglikha ng pulot-pukyutan.

Ngunit tulad ng lahat ng pag-ibig
na lulong sa bisyong pagpapakamartir,
taglay ko rin ang kastigong peligroso
sa mga naghahanap ng sakit ng katawan;
sa mga kiri at pilyong may pusong bato.
Isang tulong sa sinumang ibig maghiganti
sa nagtaksil o manhid na kabiyak ng dibdib.
Pulbusin ang aking dahon at balat
at ihalo sa sinaing na bigas o mais.
Iburo ang aking lamukot at ibudbod
sa ihahaing paboritong ulam
ng pinupuntirang tampalasan.
Asahan mong aking ipalalaspap
ang poot ng isinumpang pag-ibig
na aking kinimkim sa mahabang panahon
na may tali sa aking ilong.

Apitong

Laging nakaabang ang masugid
mangilatis. Hinuhuli sa dila
ang iyong tagapangalaga.

Maraming araw na ikaw
ay kamagong. Tulad ngayon.

Ilang ulit nilang tinatanong
kung saan ka nanggaling.

Parang ibig nilang sabihin:

Totoo ka ba sa loob

o sadyang sampay-bakod?

Sagad ka ba hanggang buto

o hamak na segunda mano?

Marami ang namamalikmata.

Para kasi kayong pinagbiyak

na bunga ng kamagong

na siyang pangunahing gamit

ng ilang daang taon

sa mga mariringal na muwebles

na nakasaksi at napinsala

sa sigisiging panganganyon

ng mga tangke at tilandoy;
naiwang alusitha ng lahat
ng nasalba at nasalanta.
Ipagpatuloy ang pagkukunwari.
May angking tagabulag
ang mamula-mulang upak
ng iyong pagkakayumanggi.
Kaya mo ring maging puluhan
ng mapupusok na mga bolo
at mababangis na mga itak.
Hindi nga maipagkakaila
na isa kang kamagong.
Sarado na ang diskusyon.
Ngunit bakit aligaga
ang mga kukot na bulong
sa iyong mga dahon?
Sumasagitsit ang mga sigaw,
isang pagtatapat na abismal
ng iyong lantay na pangalan:
Sandali! Hindi ako kamagong.
Ako ay Apitong!

Ligas

Isang tungkos ng mga krus
na ligas: marapat lang na kilabutan
ang anumang punong iyong pamugaran.

Busabos ka ba o parasito?
Sa gulugod ng puno ay nagkakanlong;
isang bisitang walang imbitasyon.

Kaya't sawimpalad ang iyong sinisibasib
dahil bampira kang walang pangamba
sa krusipiho, bawang, o agua bendita.

Walang makaaapula sa pagkadayukdok.
Hindi milagrong buong taon kang luntian
at gulugod ng puno ang iyong suhay.

Hoy, ligas na klosetang maligasgas!
Naririnig namin ang iyong ngising-maligno
mula riyang sa nangangayayat mong trono.

Ipinaghahambog mong pangontra
ang iyong mga sanga sa liyab at lintik.
Bagay sa iyo ang LIGAS: *Like I give a shit...*

Kahit pa ginawa kang adornong pamasko.
Malisyoso lang ang nagpauso na sa iyong siit
na nakasabit maaaring makapagnakaw ng halik.

At ngayon lulong ka sa bisyong magpakati.
Umaastang tila ba naghihiganting engkanto
kapag nagagambala ang iyong teritoryo.

Ligas, mas makati ka nga sa higad at gabi.
Hindi kita sasayawan, tulad ng payo ni lelang,
para maalis ang pangangati ko at pamamantal.